

Taunang Ulat ng Kalidad ng Hangin para sa 2022



San Diego County
Air Pollution
Control District

Mga Nilalaman

02	MENSAHE MULA SA OPISYAL SA POLUSYON NG HANGIN
04	NAMAMAHALANG LUPON
05	TUNGKOL SA AMIN
06	BUDGET
07	KALAGAYAN NG HANGIN
17	MGA PANUNTUNAN
18	KOMUNIDAD
25	MGA GAWAD AT INSENTIBO
29	PAGSUBAYBAY NG HANGIN
33	PAGPAPATUPAD
40	ENGINEERING



Mensahe Mula sa Opisyal sa Polusyon ng Hangin

Pribilehiyo kong ipakita ang Taunang Ulat ng Kalidad ng Hangin para sa 2022 para sa San Diego County Air Pollution Control District (SDAPCD o District). Noong 2022, nagplano ang SDAPCD para mag-chart ng bagong direksyon para sa ahensya, at gumamit ng mga bagong hangarin at layunin para matiyak na ang ating trabaho ay alinsunod sa ating mithiin na Malinis na Hangin para sa Lahat, habang pinapanatili at pinalalawak ang ating araw-araw na trabaho para isulong ang kalidad ng hangin at protektahan ang kalusugan ng publiko. Pinangunahan ng aming Namamahalang Chair ng Lupon ng 2022 na si Nora Vargas,

nagpatuloy ang SDAPCD na itatag ang mga layunin nito na pagkakapantay-pantay, pagiging malinaw, at pakikibahagi ng komunidad bilang hiwalay na ahensya, isang taon lang mula sa pagkakahiwalay nito sa County ng San Diego noong 2021.


Para maitatag ang foundation na ito, gumamit ang SDAPCD ng maraming plano at patakaran para isulong ang mas malawak na pagkakapantay-pantay, pakikibahagi ng komunidad at access. Kinumpleto namin ang aming unang Plano sa Paglahok ng Publiko para idetalye ang mga estratehiya para isali ang mga komunidad sa buong county, para matiyak na mayroong access ang lahat ng residente sa aming mga serbisyo. Gumamit din ang aming Namamahalang Lupon ng unang Pahayag ng Pagkakapantay-pantay ng ahensya, para malinaw na ilarawan ang aming pangako sa environmental justice (patas na pagtrato at pagiging kabilang ng lahat ng tao kaugnay sa kapaligiran), at ang aming Office of Environmental Justice Framework, ang aming plano para isama ang environmental justice sa lahat ng aming programa at serbisyo.

Panghuli, gumamit din kami ng mga patakaran sa Kawalan ng Diskriminasyon at Access sa Wika, para matiyak na maihahatid ang aming mga serbisyo nang patas at naa-access ng lahat. Binuo at pinahusay din namin ang aming mga umiiral na programa nang isinasaalang-alang ang mga layunin na ito. Gumamit kami ng Plano sa Pagtugon sa Insidente para idetalye kung paano kami nakikipagtulungan sa mga unang rumeresponde para magbigay ng mga mapagkukunan kapag may insidente sa kalidad ng hangin, pati rin ang Komprehensibong Plano sa Pagsubaybay, para idokumento ang aming umiiral na panlalawigan at pangkomunidad na pagsubaybay at magplano para sa hinaharap. At gumamit kami ng Plano para sa Reklamo sa Kalidad ng Hangin, para matiyak na madaling makikipag-ugnayan sa amin ang mga residente na may mga alalahanin sa kalidad ng hangin. Bilang bahagi ng planong ito, bumuo kami ng app para sa pagsusumite ng mga reklamo ng publiko, at dinala sa tanggapan ang aming 24/7 na programa sa pagtugon sa reklamo. At para makipag-ugnayan nang mas mabuti sa mga komunidad sa buong San Diego County, inilathala namin ang aming unang Taunang Ulat ng Kalidad ng Hangin para muling ipakilala ang SDAPCD sa publiko at ilarawan ang aming mga programa.

Ang mga bagong plano at inisiyatibang ito ay karagdagan sa araw-araw na

trabaho ng ahensya para pagandahin ang kalidad ng hangin sa rehiyon. Kasama sa trabaho na iyon ang pagpapatupad ng mga regulasyon sa kalidad ng hangin para sa mga nakapirming pinagmumulan, sa pamamagitan ng paggamit ng mga plano at panuntunan sa kalidad ng hangin, pagbibigay ng mga pahintulot at rehistro para sa kagamitan, at taunang mga inspeksyon ng lahat ng pinagmumulan na pinahihintulutan namin, pati rin ang pagsusulong ng mga pagbawas ng mga emisyon mula sa mga gumagalaw na pinagmumulan, sa pamamagitan ng aming trabaho kasama ng California Air Resources Board para magpatupad ng mga regulasyon ng estado sa gumagalaw na pinagmumulan, at sa pamamagitan ng aming mga gawad na insentibo na nagpopondo sa mas maaga sa kinakailangan na mga pagbawas ng emisyon ng gumagalaw na pinagmumulan.

Ipinagmamalaki namin ang lahat ng nagawa namin noong nakaraang taon, at umaasa na masisiyahan ka sa pagbabasa nang mas detalyado tungkol sa aming mga programa at ang progreso na ginagawa namin tungo sa aming mithiin na Malinis na Hangin para sa Lahat.

A handwritten signature in black ink, appearing to read 'Paula Forbis', is positioned above the printed name.

Paula Forbis

Namamahalang Lupon



Chair na si Marcus Bush
Miyembro ng Konseho ng Lungsod
ng National City



Vice-Chair na si Jack Shu
Miyembro ng Konseho ng Lungsod
ng La Mesa



Nora Vargas Supervisor ng
County ng San Diego



Todd Gloria
Alkalde ng Lungsod ng San Diego Presidente ng Konseho ng
Lungsod ng San Diego



Sean Elo-Rivera



Consuelo Martinez
Miyembro ng Konseho ng
Escondido



Terra Lawson-Remer
Supervisor ng County ng
San Diego



Esther Sanchez
Alkalde ng Lungsod
ng Oceanside



Georgette Gomez
Kinatawan ng
Environmental Justice



Anne Marie Birkbeck-Garcia
Doktor/Propesyonal sa
Kalusugan ng Publiko



Enrique Medina
Siyentipiko/Teknikal
na Kinatawan

Tungkol sa Amin

Ang San Diego County Air Pollution Control District ay namamahalang ahensya na sumusubaybay sa kalidad ng hangin sa San Diego County sa pamamagitan ng pangangasiwa sa mga nakapirming pinagmumulan ng polusyon ng hangin tulad ng mga pabrika, landfill, gasolinahan, at mga dry cleaner, at ginagabayan ng Namamahalang Lupon nito. Ang Lupon ay binubuo ng walong hinalal na opisyal mula sa Lupon ng mga Supervisor ng County at iba't ibang lungsod sa rehiyon ng San Diego County, pati rin ng tatlong itinalagang miyembro ng publiko.

Ang District ay binubuo ng anim na pangunahing bahagi ng programa:

- ♦ Pagsubaybay at Teknikal na mga Serbisyo
- ♦ Pagpaplano at Pagbuo ng Panuntunan
- ♦ Engineering
- ♦ Pagsunod
- ♦ Mga Gawad at Insentibo
- ♦ Patas na pagtrato at pagiging kabilang ng lahat ng tao kaugnay sa kapaligiran




Budget

Ang tanunang budget ng SDAPCD para sa Taon ng Pananalapi na 2022-23 ay \$99.9 na milyon at ang budget sa pananalapi ay tataakbo mula Hulyo 1 hanggang Hunyo 30. Ang pondo ng SDAPCD ay nanggagaling sa maraming pinagkukunan, kabilang ang mga gawad ng estado at pederal mula sa California Air Resources Board (CARB) at Environmental Protection Agency (EPA) ng Estados Unidos. Kasama sa iba pang pinanggagalingan ng pondo ang pahintulot at iba pang fee mula sa mga nakapirming pinagmumulan na pinangangasiwaan ng SDAPCD, mga fee sa pagrerehistro sa Department of Motor Vehicles (DMV), at mga ipinapasang pondo na gawad para sa mga proyekto para mapaganda ang kalidad ng hangin.

Para sa mas detalyadong pagtingin sa taunang budget ng SDAPCD, pakibisita ang:

<https://www.sdapcd.org/content/sdapcd/about/budget.html>



Kalagayan ng Hangin sa San Diego County



Ano ang Attainment Status (Nakamit na Status) para sa mga Criteria pollutant?


Itinatalaga ang isang lugar na nasa attainment (nakamit) para sa pamantayan sa kalidad ng hangin ng estado at/o bansa kapag sinusunod nito ang National Ambient Air Quality Standards (“NAAQS”) at/o ang California Ambient Air Quality Standards (“CAAQS”). Itinatakda ng EPA o CARB ang mga pamantayang ito para sa maximum level ng partikular na pollutant sa hangin na maaaring mayroon sa hangin sa labas nang walang hindi katanggap-tanggap na mga epekto sa kalusugan ng tao o sa kapakanan ng publiko. Ang kasalukuyang mga pagtatalaga ng pamantayan ng bansa at estado sa kalidad ng hangin para sa San Diego County na itinakda ng EPA at CARB ay makikita sa ibaba.

Criteria Pollutant	Pagtatalaga ng Pederal	Pagtatalaga ng Estado
Ozone (8 Oras)	Nonattainment (Hindi Nakamit)	Nonattainment (Hindi Nakamit)
Ozone (1 Oras)	Attainment (Nakamit)	Nonattainment (Hindi Nakamit)
Carbon Monoxide	Attainment (Nakamit)	Attainment (Nakamit)
PM10	Hindi Nauri	Nonattainment (Hindi Nakamit)
PM2.5	Attainment (Nakamit)	Nonattainment (Hindi Nakamit)
Nitrogen Dioxide	Attainment (Nakamit)	Attainment (Nakamit)
Sulfur Dioxide	Attainment (Nakamit)	Attainment (Nakamit)
Lead	Attainment (Nakamit)	Attainment (Nakamit)
Sulfates	Walang Pederal na Pamantayan	Attainment (Nakamit)
Hydrogen Sulfide	Walang Pederal na Pamantayan	Hindi Nauri
Bisibilidad	Walang Pederal na Pamantayan	Hindi Nauri

Ano ang Ozone?

Ang ozone ay gas na nasa itaas na bahagi ng atmosphere at sa lupa ng Mundo. Ang ozone ay maaaring "mabuti" o "masama" para sa iyong kalusugan at kapaligiran depende sa lokasyon nito sa atmosphere. Ang tinatawag na "mabuting ozone" ay natural na nangyayari sa itaas na bahagi ng atmosphere, malayo sa kung saan nakatira ang mga tao, at pinoprotektahan ang buhay sa Mundo mula sa mapanganib na mga ultraviolet na sinag ng araw. Salungat ito sa "masamang ozone" - na tinatawag minsan na "smog" - na nagagawa nang mas malapit sa ibabaw ng Mundo, malapit sa lupa, na mapanganib kung mahihinga. Ang ozone sa lupa ay kinokontrol bilang pollutant sa hangin.

Ang Ozone ay hindi direktang inilalabas sa hangin ngunit nabubuo sa pamamagitan ng mga kemikal na reaksiyon sa pagitan ng dalawang karaniwang pollutant sa hangin, ang oxides of nitrogen (NO_x) at mga volatile na organic compound (VOC). Nangyayari ito kapag nag-iinteract ang emisyon ng NO_x at VOC mula sa mga sasakyan, mga pang-industriyang planta, mga produkto para sa consumer at iba pang pinagmumulan sa impluwensiya ng araw at init. Pinakamataas ang mga lebel ng ozone sa mga buwan ng tag-init kapag pinakamalaki ang impluwensiya ng direktang araw.



Mga Epekto ng Ozone sa Kalusugan

Panandaliang Pagkakalantad:

- ♦ Pag-ubo, mga pananakit ng dibdib, pananakit ng ulo, pangangati ng mata / lalamunan, nasusuka, mga pag-atake ng hika, pagkawala ng kapasidad ng бага, pinsala sa paghinga

Matagalang Pagkakalantad:


- ♦ Mga pagbabago sa immune system (resistensya), pagtanda ng tisyu ng бага, pagkawala ng tisyu ng бага, pagiging madaling magkaroon ng impeksyon sa paghinga

Patuloy na sinusubaybayan ng SDAPCD ang mga lebel ng polusyon na dulot ng ozone sa maraming lokasyon sa buong rehiyon. Ang polusyon na dulot ng ozone ay karaniwang pinakamataas sa mga araw ng mainit na tag-init sa komunidad ng inland foothill ng Alpine, na sanhi ng kung saan nabubuo ang ozone. Ang mga emisyon mula sa mga sasakyan, pabrika at iba pang pinagmumulan sa mataong kapatagan sa baybayin ay nililipad papunta sa inland ng hangin sa dalampasigan, habang nagre-react sa kemikal na paraan sa ilalim ng masaganang araw para bumuo ng ozone. Ang mga pagdaloy sa dalampasigan ay gumagawa rin ng inversion sa temperatura, na nagta-trap sa polusyon na dulot ng ozone sa ibaba nito at sa mas mababang mga bundok, kung saan ito nabubuo.




Ano ang Air Quality Trend?

Ang pagtukoy kung makakamit ng rehiyon ang partikular na kalagayan o pamantayan ng bansa ay nangangailangan ng pagkukumpara ng nasukat na mga ambient na konsentrasyon sa ibinigay na pamantayan, na tinatawag na “design value”. Ang “design value” ng rehiyon ay kinakalkula batay sa kung paano tinukoy ang pamantayan. Wala sa attainment ang rehiyon sa alinman sa Pederal na Mga Pamantayan sa Ozone noong 2008 o 2015. Sa nakalipas na limang taon, bumaba lang nang bahagya ang design value ng ozone para sa Air Basin ng San Diego County. Ang mga design value ay nasa humigit-kumulang na 0.079 - 0.081 parts per million simula 2012.



Nagpatuloy ang Air Basin ng San Diego County na matugunan ang parehong 24 na oras at taunang PM2.5 na Pederal na mga pamantayan. Gayunpaman, pinag-iisipan ng EPA na ibaba ang taunang pamantayan sa value na nasa pagitan ng 8 at 11 micrograms per cubic meter habang pinapanatili ang 24 na oras na pamantayan sa 35 micrograms per cubic meter. Mayroon itong potensyal na negatibong makaapekto sa attainment status ng Air Basin ng San Diego County para sa taunang PM2.5 magmula ngayon.



Ipinapakita ng chart sa ibaba ang bilang ng mga araw na nalampasan ng Air Basin ng San Diego ang Pederal na mga pamantayan sa ozone. Ang bilang ng mga araw na lampas sa Pederal na mga pamantayan ay hindi bumaba nang malaki sa nakalipas na limang araw. Mas marami pang araw na lumalampas sa parehong Pederal na Mga Pamantayan sa Ozone noong 2020 kaysa sa iba pang taon na inulat sa panahong ito (2018 hanggang 2022). Ito ay inuugnay sa pagdadala ng mga pollutant mula sa malawakang mga wildfire mula sa Hilaga/Gitnang California noong taong iyon.

Bilang ng mga Araw na Lumalampas sa Pederal na Pamantayan sa Ozone

	2018	2019	2020	2021	2022
Ozone: 0.075 ppm Stnd	8	5	20	7	9
Ozone: 0.070 ppm Stnd	23	19	33	16	24

Bilang ng mga Araw na Lumalampas sa PM2.5 24 na oras na Pederal na Pamantayan

	2018	2019	2020	2021	2022
PM2.5 24-hr Stnd	1	0	3	0	0


Mga Pinagmumulan ng mga Emisyon sa San Diego County




Nitrogen oxides (NOx)

Noong 2022, 93% ng NOx ay inilabas mula sa mga gumagalaw na pinagmumulan (sa kalsada at wala sa kalsada), 5% ay inilabas mula sa nakapirming mga pinagmumulan, at 2% ay mula sa mga pinagmumulan sa buong lugar. Kasama sa ilan sa mga nangungunang pinagmumulan ng mga emisyon ng NOx sa San Diego County ang mga barko sa dagat (hal. cargo/container na mga barko), kagamitan na wala sa kalsada, heavy-duty/medium-duty na mga diesel truck, eroplano, at komersyal na sasakyan sa daungan (hal. mga tugboat, towboat, pampasahero, at mga komersyal na bangka sa pangingisda).

Taunang Mga Emisyon ng NOx – San Diego County (2022)




Nangungunang 10 Pinagmumulan ng NOx sa San Diego County (2022)




Volatile Organic Compounds (Mga VOC)

Para sa VOC, noong 2022, 41% ay inilabas mula sa mga gumagalaw na pinagmumulan (sa kalsada at wala sa kalsada), 33% ay mula sa mga pinagmumulan sa buong lugar, at 26% ay inilabas mula sa mga nakapirming pinagmumulan. Kasama sa ilan sa mga nangungunang pinagmumulan ng mga emisyon ng VOC sa San Diego County ang mga produkto para sa consumer (hal. mga deodorant, hair spray, mga produktong panlinis, mga insecticide, atbp.), kagamitan na wala sa kalsada, mga bangka sa paglilibang, mga coating na pang-arkitektura (tulad ng mga pintura, barnis, at iba pang finish sa sambahayan), at iba pang sari-saring mga coating/may kaugnayang mga solvent.

Taunang Mga Emisyon ng VOC – San Diego County (2022)




Nangungunang 10 Pinagmumulan ng VOC sa San Diego County (2022)




Particulate Matter 2.5 (PM2.5)

Para sa PM2.5, noong 2022, 61% ay mula sa mga pinagmumulan sa buong lugar, 24% ay mula sa mga gumagalaw na pinagmumulan (sa kalsada at wala sa kalsada), at 15% ay inilabas mula sa mga nakapirming pinagmumulan. Kasama sa ilan sa mga nangungunang pinagmumulan ng PM2.5 na mga emisyon sa San Diego County ang residensyal na pagsusunog ng gasolina (hal. pag-iinit ng tubig/mga furnace). konstruksyon at demolisyon, eroplano, at alikabok mula sa mga sementadong kalsada.



Nangungunang 10 Pinagmumulan ng PM2.5 sa San Diego County (2022)



Mga Panuntunan

Para matugunan ang mga pamantayan ng kalidad ng hangin para sa kalusugan, bumubuo at binabago ng District ang mga panuntunan sa kalidad ng hangin na dapat sundin ng mga negosyo para mabawasan ang polusyon sa hangin.



Nasa ibaba ang mga ginawang aksyon ayon sa regulasyon noong 2022:

- ♦ Panuntunan 12 - Pagbabago ng Pagrerehistro ng Tinukoy na Kagamitan
- ♦ Panuntunan 40 - Pagbabago ng Pahintulot at Iba pang Fee
- ♦ Panuntunan 42 - Pagbabago ng Mga Fee sa Lupon sa Pagdinig
- ♦ Panuntunan 11 - Mga Pagbabago ng Mga Hindi Kasama mula sa Mga Kinakailangan ng Pahintulot sa Panuntunan 10

MAKIKITANG PAGSUNOD SA PANUNTUNAN:

Panuntunan 45 – Mga Inuutos ng Pederal na Nonattainment Fee sa Ozone

- ✓ Nagtatag ng fee na sisingilin mula sa pederal na mga pangunahing nakapirming pinagmumulan ng VOC at/o NO_x lang kung ang rehiyon ay hindi makakamit ang 75 parts per billion (ppb) na pamantayan sa ozone bago sumapit ang pederal na petsa para sa attainment.
- ✓ Kung magkakaroon ng mga fee, ang mga pasilidad na sasailalim sa panuntunan na maaaring makabawas ng 20% sa mga emisyon ng VOC o NO_x kumpara sa pamantayang antas ng mga emisyon ay hindi ia-assess ng fee.
- ✓ Ang anumang fee na sisingilin ng SDAPCD ay gagamitin sa mga aksyon para bawasan pa ang mga emisyon mula sa mga pinagmumulan na nakapirmi, nasa buong lugar, at/o gumagalaw para isulong ang pagkamit ng pamantayan sa ozone.

Sa Komunidad

Tanggapan ng Environmental Justice



Ang layunin ng Tanggapan ng Environmental Justice (Office of Environmental Justice, OEJ) ay tiyaking mayroong tamang suporta ang mga komunidad sa pagpapaganda ng kalidad ng hangin, lalo na ang mga pinaka nahirapan dati dahil sa hindi magandang kalidad ng hangin sa San Diego County.

Bumuo ang OEJ ng balangkas sa pamamagitan ng mungkahi ng komunidad na sadyang isama ang mga pagsasaalang-alang ng environmental justice sa lahat ng aksyon ng ahensya. Kasama rito ang suporta para sa makabuluhang pakikibahagi ng komunidad at ang pagsusulong ng environmental justice at mga pagsasaalang-alang sa pagkakapantay-pantay sa paggawa ng desisyon, kasama ang pagbuo ng panuntunan, pagsusuri ng pahintulot, mga reklamo, at sa pagbuo ng iba pang mga dokumento at aksyon. Nasa ibaba ang mga layuning nakasaad sa Balangkas ng OEJ:



Layunin 1: Bumuo ng planong pang-edukasyon para sa mga miyembro ng Lupon ng SDAPCD na nakatuon sa mga bahagi ng rehiyon na hindi proporsyon na naapektuhan ng polusyon sa hangin.

Layunin 2: Pagyamanin at suportahan ang internal na kultura sa SDAPCD na sumusuporta sa Pagkakapantay-pantay, Pagkakaiba-iba, at Pagiging Kabilang.

Layunin 3: Isama ang environmental justice at pagkakapantay-pantay sa mga operasyon, patakaran at regulasyon ng SDAPCD.

Layunin 4: Pahasayin ang mga pagsusumikap ng SDAPCD sa pakikipag-ugnayan at edukasyon sa mga komunidad, na espesyal na nakatuon sa mga mahirap na komunidad na pinaka-apektado ng polusyon.

Layunin 5: Makipagtulungan sa iba pang mga organisasyon at ahensya ng gobyerno para matugunan nang mas komprehensibo ang mga hamon sa kalidad ng hangin.




Pahayag ng Pagkakapantay-pantay

Bukod sa Balangkas, ginamit ng Namamahalang Lupon ng SDAPCD ang sumusunod na Pahayag ng Pagkakapantay-pantay na nagpapakita sa mga pagpapahalaga at pangako sa pagkakapantay-pantay mula sa Namamahalang Lupon:

Ang San Diego County Air Pollution Control District (SDAPCD) ay nangangakong makamit ang environmental justice at pagkakapantay-pantay sa pamamagitan ng pagsusumikap tungo sa malinis na hangin para sa lahat. Bagaman nakagawa kami ng mahalagang progreso sa pagpapaganda ng kalidad ng hangin para sa rehiyon sa kabuuan, batid naming marami pang dapat gawin, lalo na sa mga komunidad na hindi proporsyon na nahirapan dahil sa polusyon sa hangin dahil sa racism sa sistema, nandidiskriminang mga patakaran ng gobyerno, kakulangan ng pakikipag-ugnayan, at hindi matibay na access sa impormasyon at sa proseso ng paggawa ng desisyon.

Nangangako ang SDAPCD na isulong ang mga patakaran, programa, at serbisyo na nagkakamit ng environmental justice at pagkakapantay-pantay. Para matugunan ang pangakong ito, magbibigay ang SDAPCD ng mga naaangkop na mapagkukunan, takdang panahon, at budget para suportahan ang kawani at pagandahin ang paglahok ng publiko. Gumamit ang SDAPCD ng Balangkas ng Environmental Justice at Plano sa Paglahok ng Publiko na gagabay sa ahensya sa trabaho nito para mapaganda ang access sa impormasyon, magsulong ng makabuluhang pakikipag-ugnayan ng publiko, at tugunan ang mga kawalan ng katarungan sa kapaligiran, lalo na para sa mga komunidad na walang gaanong mapagkukunan.

Programa ng Proteksyon sa Hangin ng Komunidad



Ang Programa ng Proteksyon sa Hangin ng Komunidad (Community Air Protection Program, CAPP) ay itinatag ng California Air Resources Board (CARB) bilang pagtugon sa Assembly Bill (AB) 617. Ang layunin ng programang ito ay bawasan ang pagkakalantad sa polusyon sa mga komunidad na nalantad sa hindi proporsyon na mga lebel ng polusyon sa hangin.

Portside Community Steering Committee - Barrio Logan, Sherman Heights, Logan Heights, at Kanlurang National City.

International Border Community Steering Committee - San Ysidro at East Otay Mesa.

Gumawa ng maraming pagsusumikap noong 2022 ang dalawang Community Steering Committee (CSC) sa San Diego County:

Portside CSC

Patuloy na nakikipagtulungan ang SDAPCD sa Portside CSC para ipatupad ang Plano sa Pagbawas ng Mga Emisyon sa Komunidad ng Portside (Community Emissions Reduction Plan, CERP). Ang mga sumusunod ay ilan sa mga makikitang nagawa:

- Bumuo ang CARB ng modelo para mabilang at mabigyan ng prayoridad ang panganib sa kanser mula sa mga pollutant sa hangin. Nagbigay ng mungkahi ang Portside CSC at inaprubahan ang mga layunin para sa modelo. Kasama sa modelo ang dalawang pamamaraan para tingnan ang mga panganib mula sa pananaw ng panlalawigang mga emisyon at mula sa pananaw ng mga emisyon na ginagawa ng komunidad.
- Bumuo ang SDAPCD ng Karagdagang Programa ng Proyektong Pangkapaligiran para gamitin ang bahagi ng mga multa sa paglabag para pondohan ang mga proyekto na magbebenepisyo ang komunidad, nang nakatuon sa mga proyekto sa mga mahirap na komunidad.
- Simula sa pagpapatupad ng CERP, dinoble ng District ang bilang ng mga inspeksyon para sa idling (pagpapaandar ng mga sasakyan habang nakapirmi) sa Komunidad ng Portside sa pamamagitan ng dalawang beses sa isang linggo na pag-alis sa mga sasakyan na pinapaandar habang nakapirmi.
- Pinalawak ng SDAPCD ang Programang Gumagalaw na Pinagmumulan na ito sa pamamagitan ng pagbabago sa Memorandum of Understanding (MOU) ng CARB/SDAPCD Mobile Source para isama ang Commercial Harbor Craft. Ang dinagdagang pag-enforce ng mga pinagmumulan ng emisyon na ito ay inaasahang pagandahin ang kalidad ng hangin sa rehiyon at magbebenepisyo ang Komunidad ng Portside.
- Sa pakikipagtulungan sa Lungsod ng San Diego at CARB, naglagay ng siyam na “no idling (bawal ang idling)” na mga karatula para maiwasan ang idling sa komunidad ng Portside.

International Border CSC

Nagkaroon ng matagumpay na unang taon ang International Border Community sa pamamagitan ng pagtatatag ng CSC at, sa pakikipagtulungan sa SDAPCD at sa California Air Resources Board, na nagtatag ng batayan para bumuo ng Plano sa Pagsubaybay ng Hangin sa Komunidad (Community Air Monitoring Plan, CAMP) at Plano sa Pagbawas ng

Mga Emisyon sa Komunidad (Community Emissions Reduction Plan, CERP). Tutukuyin ng CAMP ang mga pangangailangan sa pagsubaybay sa kalidad ng hangin at bibigyan ng prayoridad ang pagsubaybay sa mga lokasyon, habang dinidetalye ng CERP ang mga prayoridad ng komunidad at mga estratehiya sa pagpapaganda ng kalidad ng hangin para sa mga darating na taon. Ang mga tool na katulad nito ay tutulong para mapaganda ang kalidad ng hangin at kalusugan at magtatakda ng mga layunin para sa International Border Community.

Plano sa Paglahok ng Publiko

Ang Plano sa Paglahok ng Publiko (Public Participation Plan, PPP) ay nagtatakda ng mga alituntunin at estratehiya para matiyak na kabilang ang komunidad sa mga proyekto at desisyon sa SDAPCD. Ang layunin ay gumawa ng kumpleto at malinaw na kondisyon sa pagitan ng komunidad ng San Diego County at ng District. Dinidetalye ng PPP ang mga layunin ng SDAPCD sa pakikibahagi ng publiko at pakikipag-ugnayan para sa susunod na tatlong taon:



Layunin A: Bumuo ng mga ugnayan at tiwala sa komunidad, lalo na sa mga nakaranas ng hindi proporsyon na mga epekto sa kalidad ng hangin

Layunin B: Bigyan ang komunidad ng makabuluhang mga gamit, mapagkukunan, at impormasyon para mabigyan ng kakayahan ang komunidad na maging nakikibahaging katuwang sa paggawa ng desisyon ng SDAPCD

Layunin C: Makipag-ugnayan sa mga miyembro ng komunidad sa mga lugar na pinagkakatiwalaan nila at magbigay ng hindi nagbabagong mga pagkakataon sa pakikipag-ugnayan

Layunin D: Magsagawa ng pakikibahagi ng komunidad na kabilang ang lahat, naa-access, nauunawaan ang mga isyu, at malinaw

Layunin E: Mamuhunan sa kultura at istraktura ng organisasyon na sumusuporta sa maagap na pakikibahagi ng komunidad

Layunin F: Bumuo ng mga ugnayan sa mga organisasyon sa komunidad, mga departamento ng gobyerno, at mga ahensya para tiyaking napapangasiwaan ang pakikipag-ugnayan sa komunidad at nagpapakita ng mgaresulta mula sa pagtutulungan

Mga Gawad at Insentibo

Noong 2022, naglaan ang Air District ng \$9.3 milyon na pondo sa insentibo para sa kapalit na heavy duty na diesel na kagamitan at mga proyekto para sa mga pagkakabit ng bagong teknolohiya. Pinagaganda ng mga proyektong ito ang kalidad ng hangin, pinoprotektahan ang publiko, at sinusupportahan ang paglipat ng mga lokal na negosyo sa mas malinis na kagamitan. Pinupuntirya ng mga programa ang mga emisyon ng nitrogen oxide at reactive na organic gas, na nag-aambag sa polusyon na dulot ng ozone, at particulate matter mula sa diesel, na nakakalason na nagpaparumi (contaminant) sa hangin.

Magreresulta ang mga proyektong ito sa mahigit 446 na toneladang pagbawas sa polusyon sa katagalan ng mga ito.


Mga Insentibo

Programang Carl Moyer

Ang pinaka-kilalang programa ng insentibo sa San Diego ay ang Programang Carl Moyer. Nasa ika-25 taon na ngayon nito, nakatuon ang programang ito sa mga pagbawas mula sa heavy duty na diesel na kagamitan tulad ng mga traktora, kagamitan para sa konstruksyon na wala sa kalsada, mga truck, at mga sasakyang-pandagat. Noong 2022, naglaan ang programang ito ng mahigit sa \$4.6 na milyong pondo at makakamit ang 135 tonelada ng NOx, 13 tonelada ng reactive na mga organic gas (ROG), at 7.6 na tonelada ng mga pagbawas sa particulate matter sa katagalan ng mga proyekto.



Programa ng Proteksyon sa Hangin ng Komunidad



Ang Programa ng Proteksyon sa Hangin ng Komunidad ay nakatuon sa pamumuhunan sa mga komunidad na walang gaanong mapagkukunan na tinukoy ng estado ng California. Layunin ng programang ito na bawasan ang mga emisyon na partikular na para sa mga komunidad na pinaka-apektado ng polusyon sa hangin, na kinabibilangan ng Mga Komunidad ng Portside at International Border Environmental Justice sa San Diego at ng iba pang mga mahirap na komunidad sa District. Noong 2022 naglaan ang County ng San Diego ng mahigit \$2.7 milyon na pondo para sa mga proyekto na babawasan ang 170 tonelada ng NOx, 27 tonelada ng ROG, at 1.9 na tonelada ng PM.

Pagpopondo ng Mga Hakbang sa Pang-agrikulutrang Pagpapalit para sa Mga Pagbawas ng Emisyon (Funding Agricultural Replacement Measures for Emission Reductions, FARMER)

Ang programang FARMER ay partikular para sa kagamitang ginagamit sa agrikultura. Ang sektor na ito, na mahalaga sa ekonomiya ng San Diego, ay maraming piraso ng kagamitan na direktang nakakaapekto sa mga manggagawang pang-agrikultura, at hindi sumasailalim sa kasingdami ng regulasyon tulad ng sa iba pang mga sektor. Noong 2022, ang programang ito ay nagbigay ng \$783,000 para sa mga proyektong nakakabawas ng 46 tonelada ng NOx, 26 na tonelada ng ROG, at 8.7 tonelada ng PM.



Pagbawas ng Emisyon mula sa Pagdadala ng Mga Produkto



Ang Programa ng Emisyon mula sa Pagdadala ng Mga Produkto ay nagbibigay ng mga pondo na partikular para sa kagamitang ginagamit para magdala ng kargamento. Para sa San Diego, nangangahulugan ito sa \$1 milyon na pondo noong 2022 para palitan ang mga mas lumang diesel truck ng mga truck na pinatatakbo ng natural gas na mababa ang NOx, binabawasan ang mga emisyon ng NOx sa sektor na iyon ng 9.8 tonelada sa katagalan ng mga proyektong iyon.

Pagbibigay-diin sa Mga Gawad

Noong 2022, pinondohan namin ang aming unang mga school bus na walang emisyon na magagamit ng publiko. Naglaan ang SDAPCD ng \$713,000 sa pondo ng Proteksyon sa Hangin ng Komunidad para tulungan ang Cajon Valley School District na palitan ang dalawang diesel na school bus. Sa katagalan ng mga bus na ito, makakatulong ang mga ito na bawasan ang 3.2 tonelada ng NOx, 0.4 na tonelada ng ROG, at 0.02 tonelada ng habang binabawasan ang particulate matter sa mga nag-aaral na bata sa mahirap na komunidad. Ito ang una sa maraming proyekto sa mga lokal na distrito ng paaralan para tumulong na magbigay ng mas malinis na mga school bus para magbenepisyo ang mga bata sa rehiyon.


Pagsubaybay ng Hangin

Mga Panlalawigang Istasyon



Ang mga istasyon sa pagsubaybay ng hangin ng SDAPCD ay matatagpuan sa pagitan ng baybayin at paanan ng bundok na hanggang sa humigit-kumulang na 2000 talampakan. Dapat sapat ang laki ng network sa pagsubaybay para masakop ang malawak na hanay ng topograpiya, meteorlohiya, mga emisyon, at kalidad ng hangin sa San Diego, habang sapat na kinakatawan ang mga sentro ng malaking populasyon. Gumaganap ng mahalagang tungkulin ang network sa pagsubaybay na ito sa pag-assess ng progreso ng malinis na hangin ng San Diego County at sa pagtukoy ng mga pagkakalantad sa pollutant sa buong County.

Ipinapakita ng mapa sa ibaba ang panlalawigang network sa pagsubaybay ng ambient na hangin. Ang mga site na kulay berde ay aktibo, habang ang mga site na dilaw ay mga nakaplanong site.



Ang Mga Pollutant

Kinokolekta ang data para sa ambient na konsentrasyon para sa malawak na sari-saring pollutant sa aming basin ng hangin. Bagaman hindi lahat ng sumusunod na pollutant ay sinusukat gaya ng bawat site na ipinapaktia sa itaas, sinusukat ng lahat ng site (maliban sa Palomar Airpot) ang maraming pollutant:



- ♦ Ozone (O₃)
- ♦ Sulfur Dioxide (SO₂)
- ♦ Particulate Matter na mas mababa sa 10 micrometer
- ♦ Carbonyls
- ♦ Black Carbon
- ♦ Nitrogen Dioxide (NO₂)
- ♦ Lead (Pb)
- ♦ Reactive Oxides ng Nitrogen (NO_x)
- ♦ Mga Bakal
- ♦ Organic at Elemental na Carbon
- ♦ Carbon Monoxide (CO)
- ♦ Particulate Matter na mas mababa sa 2.5 micrometer
- ♦ Volatile Organic Compounds (mga VOC)
- ♦ Hexavalent Chromium
- ♦ Mga Cation at Anion

Komprehensibong Plano sa Pagsubaybay

Bumuo ang SDAPCD ng Komprehensibong Plano sa Pagsubaybay, na blueprint na nagdodokumento ng mga proseso at gamit sa pag-evaluate na ginagamit ng District kapag tinutukoy kung saan ilalagay ang mga lokasyon sa pagsubaybay nito sa ambient na hangin (sa lalawigan at komunidad) at kung anong mga pollutant ang susukatin sa bawat lokasyon. Gumagamit ang SDAPCD ng pamamaraan na maraming layer para ilagay sa posisyon ang mga panlalawigang monitor, sampler, at istasyon ng hangin. Kasama sa paraan na ito ang layunin ng pagsubaybay, uri ng komunidad, mga pagbabago sa populasyon, mga rate ng kalusugan, mga gamit sa pag-assess ng EPA network (pag-uugnay, pagtanggali ng bias, mga posibilidad ng paglampas, at pinaglilingkurang lugar) at mga pagsasaalang-alang ng mapagkukunan.



Gumagamit ang SDAPCD ng iba't ibang dataset na available sa publiko para ma-evaludate kung aling mga komunidad ang dapat magkaroon ng karagdagang pagsubaybay sa hangin. Kasama rito ang CalEnviroScreen, mga komunidad na natukoy ng Senate Bill 535 (SB535) bilang mahirap, ang EJScreen ng Environmental Protection Agency (EPA), lapit at bilang ng programang “Mga Hot Spot” at mga pasilidad ng Title V, ang California Health Place Index, at iba pang dataset, gaya ng naaangkop. Dagdag pa rito, nakikipagtulungan ang SDAPCD at isinasaalang-alang ang impormasyon mula sa mga residente ng komunidad at mga stakeholder para magtatag ng mga karagdagang istasyon sa pagsubaybay.

Pagpapatupad

Dinisenyo ang aming Compliance Division para tiyakin ang patuloy na pagsunod sa lahat ng naaangkop na mga panuntunan at regulasyon ng lokal, estado, at/o pederal para protektahan ang kalusugan ng publiko at ang kapaligiran. Kasama sa Compliance Division ang: mga inspeksyon sa field, pagtugon sa reklamo sa kalidad ng hangin at mga imbestigasyon at pagbibigay ng mga dokumento sa pag-enforce (kapag idinodokumento ang mga paglabag). Mahalaga ang mga programang ito sa pamamahala ng polusyon sa hangin sa San Diego County at para matiyak ang pagiging patas para sa lahat ng kontroladong entity para maiwasan ang hindi patas na mga kalamangan para sa mga lumalabag.



Programa ng Pagpapatupad para sa 2022

Mga Inspeksyon sa Field	Mga Imbestigasyon ng Mga Reklamo sa Kalidad ng Hangin	Karaniwang Tagal ng Pagtugon sa Reklamo	Abiso ng Paglabag	Halaga ng Nakolekta mula sa Mga Palgabag
11,891	590	6.9 na oras	1,373	\$947,815

Mga Inspeksyon sa Mga Nakapirming Pinagmumulan

Paminsan-minsan, nagsasagawa kami ng mga inspeksyon ng mga pinagmumulan ng polusyon sa hangin, kasama ang mga proyekto para sa renobasyon at demolisyon na maaaring magtanggag ng mga materyal na may asbestos at mga nakapirming pinagmumulan tulad ng mga gasolinahan, mga pagpapatakbo ng coating, kagamitan para sa combustion, mga power plant, mga magkakasamang planta, landfill at marami pa.

Ang dalas at bilang ng mga inspeksyon ng mga nakapirming pinagmumulan ay hindi nagbabago taun-taon, na may humigit-kumulang na 12,000 inspeksyon bawat taon.



Mga Gasolinahan



Mga Pasilidad ng Dry Cleaning



Mga Boiler



Pagtanggag ng Asbestos



Mga Makina



Mga Batch Plant ng Kongkreto



Mga Landfill

Mga Inspeksyon ng Gumagalaw na Pinagmumulan

Iniinspeksyon din namin ang mga gumagalaw na pinagmumulan ng polusyon sa hangin, kasama ang mga heavy-duty na truck at bus na pinapatakbo ng diesel, mga sasakyan na wala sa Kalsada, at mga barko. Ang mga pinagmumulan na ito ay gumagawa ng maraming emisyon ng oxides of nitrogen (NOx), na pangunahing nauuna bago mabuo ang ozone, at particulate matter mula sa diesel na gumagawa ng mga hindi magandang epekto sa kalusugan, kasama ang kanser sa baga.



Mga Barko




Mga Truck



**Mga Sasakyan na
Wala sa Kalsada**

Nagpatupad kami ng programa para magpatupad ng mga regulasyon na naaangkop sa Commercial Harbor Craft (CHC). Bukod sa pagiging malaking pinagmumulan ng mga emisyon ng oxides of nitrogen (NOx), na pangunahing nauuna bago mabuo ang ozone, ang mga barko na iyon ay malaking pinagmumulan ng particulate matter mula sa diesel (diesel PM). Tinatantiyang humigit-kumulang na 70% ng kabuuang alam na panganib sa kanser na nauugnay sa mga lason sa hangin sa California ay

nauugnay sa diesel PM. Ang pinakamataas na mga lebel ng diesel PM ay malapit sa mga daungan, riles at mga freeway, kung saan matatagpuan ang maraming komunidad na walang gaanong mapagkukunan, kasama ang Portside Environmental Justice Community.



Mga Reklamo sa Kalidad ng Hangin

Tumatanggap kami ng at iniimbestigahan ang mga reklamo sa kalidad ng hangin na isinusumite ng publiko. Ang karamihan sa mga reklamo ay kinabibilangan ng mga amoy, alikabok, usok, o hindi tamang mga proseso ng pagtanggag ng asbestos. Mayroon kaming 27 field inspector na nag-iimbestiga ng mga reklamo at gumagawa ng mga enforcement action kapag may naidokumentong paglabag sa mga regulasyon sa kalidad ng hangin.


Alikabok



Pagtanggag ng Asbestos



Usok



Mga Amoy



Mga Reklamo Pagkatapos ng Mga Oras ng Opisina

Para mapaglingkuran nang mas mabuti ang publiko, gumamit kami ng programa para sa reklamo sa kalidad ng hangin na lampas sa oras ng opisina. Available na ngayong tumugon sa mga reklamo ang aming mga inspector nang 24/7.



Gaya ng ipinapakita sa ibaba, noong 2022, nakatanggap kami ng 590 reklamo, at ang karaniwang tagal ng pagtugon ng imbestigasyon ay 6.9 na oras mula sa oras na natanggap ang reklamo sa kalidad ng hangin, na higit na mababa sa 48 oras na tagal ng pagtugon na hinihilnig ng batas ng estado.




Ulat ng mga Reklamo sa Kalidad ng Hangin

PANAHON NG PAG-UULAT

1/1/2022

12/31/2022



Mayroong Iuulat na Alalahanin?

Madali kang makakapag-ulat ng mga alalahanin sa kalidad ng hangin! Sa aming mobile app, makakapag-report ka ng mga alalahanin sa kalidad ng hangin. I-download ang aming mga mobile app sa mga link sa ibaba.




Maaari ka ring mag-ulat ng mga alalahanin sa kalidad ng hangin sa pamamagitan ng pagtawag sa (858) 586-2650 o e-mail sa apcdcomp@sdapcd.org. Para sa pag-uulat ng mga alalahanin pagkatapos ng oras ng opisina, pakitawagan ang (858) 586-2650 at piliin ang opsyon 2.

Karagdagang Proyektong Pangkapaligiran

Pinalalawak namin ang aming Programa sa Karagdagang Proyektong Pangkapaligiran (Supplemental Environmental Project, SEP) na maaaring magpondo sa mga proyekto sa komunidad mula sa bahagi ng mga multang natanggap sa panahon ng pag-aayos ng mga enforcement action. Maaaring mapaganda ng Programang SEP ang kalusugan ng publiko, dagdagan ang pangkapaligirang pagsunod, at maghatid ng kaalaman sa publiko sa mga lugar na pinakanahirapan sa panganib sa kapaligiran. Ang mga sumusunod na proyekto ay inaprubahan ng District noong nakaraang taon sa ilalim ng mga kasunduan sa pagsasaayos ng pag-enforce:

- ♦ \$4,690,000 para sa Programa ng Pagtatanim ng Puno, na magbibigay ng prayoridad sa pagtatanim ng puno sa mga komunidad ng Portside at International Border EJ
- ♦ \$140,000 na maaaring ilaan sa Programang Pagpapaganda at Pagpapaginhawa sa Kalidad ng Hangin ng Portside (Portside Air Quality Improvement and Relief, PAIR). Nakatuon ang Programang PAIR sa pagpapaganda ng kalidad ng hangin sa loob sa mga tahanan na katabi ng mabigat na mga aktibidad ng industriya, kargamento at freeway sa mga lugar ng Barrio Logan, Logan Heights, Sherman Heights, at Kanlurang National City.



Engineering

Pagpapahintulot

Pinahihintulutan ng mga proseso ng Engineering Division ang mga pag-a-apply ng pahintulot na natanggap mula sa mga pasilidad na naglalabas ng mga pollutant sa hangin, kasama ang mga gasolinahan, mga operasyon ng coating, mga landfill, makina, at marami pa. Dagdag pa sa pagbibigay ng Mga Pahintulot para Mag-operate, nagbibigay ang SDAPCD ng Mga Rehistro para sa kwalipikadong maliliit na nakapirming pinagmumulan o mga portable na pinagmumulan ng polusyon sa hangin. Pinadali ang proseso ng pagrerehistro at hindi masyadong magastos na alternatibo para makakuha ng awtoridad na mag-operate sa San Diego County.



Mga Gasolinahan



Mga Pabrika



Mga Boiler



Mga Makina



Mga Batch Plant
ng Kongkreto



Landfill

Ang parehong mga Pahintulot at Rehistro ay may mga kondisyon para matiyak ang patuloy na pagsunod sa mga regulasyon sa kalidad ng hangin.

Bilang ng Natanggap na mga Application sa Pagpaparehistro	Bilang ng Ibinigay na Rehistro	Tagal ng Pagpoproseso ng Rehistro	Bilang ng Natanggap na Mga Application para sa Pahintulot	Bilang ng Ibinigay na Mga Pahintulot	Tagal ng Pagpoproseso ng Pahintulot
158	145	24 na araw	442	406	105 araw

Imbentaryo ng Mga Emisyon

Binibilang ng mga imbentaryo ng emisyon ang mga pollutant na inilalabas sa hangin, dinaragdagan ang linaw sa pagtukoy ng mga pinagmumulan ng polusyon sa hangin at sinasabi sa amin ang pangangailangan ng karagdagang mga kinakailangan ayon sa regulasyon para mabawasan ang mga epekto mula sa polusyon sa hangin.

Aktibong nagpapatupad ang District ng mga bagong kinakailangan na ginamit ng California Air Resources Board para sa mga imbentarayo ng emisyon.


Lubhang dinaragdagan ng bagong pangangailangan na ito ang bilang ng mga pollutant na isinasama sa imbentaryo at ang bilang ng mga pasilidad na sumasailalim sa mga kinakailangan ng Imbentaryo ng Emisyon. Lubos na pinalalawak ng District ang bilang ng mga nakapirming pinagmumulan at bilang ng mga pollutant na ginagawan nito ng taunang imbentaryo ng emisyon, mula sa humigit-kumulang na 200 hanggang sa mahigit sa 4400 na pasilidad bawat taon. Bibigyan nito ang District ng mas kumpletong imbentaryo ng mga lokal na pinagmumulan ng polusyon sa hangin, na makakapagbigay ng mas maraming impormasyon sa aming mga programa, pati rin sa mga residente ng komunidad. Mag-click dito para tingnan ang Mga Imbentaryo ng Emisyon na inaprubahan ng District.

Programang "Mga Hot Spot"

Binibilang ng Programang “Mga Hot Spot” ng Mga Nakakalason sa Hangin ng California ang mga posibleng panganib sa kalusugan (tulad ng kanser) mula sa nakakalason na mga nagpaparumi sa hangin sa pamamagitan ng mga nakapirming pinagmumulan (kasama ang mga pagpapatakbo ng manufacturing, mga power plant, at iba pang pagpapatakbo na industriyal, komersyal at panggobyerno na maaaring maglabas ng polusyon sa hangin).

Ang nakakalason an mga nagpaparumi sa hangin ay mga kemikal na posileng magdulot ng mga hindi magandang epekto sa kalsuugan kung malalantad sa mga ito ang mga tao. Ang mga epekto ay maaaring hindi matindi at pansamantala tulad ng mga sakit ng ulo, at pangangati ng mata o lalamunan o maaaring mas matindi at permanente tulad ng kanser, mga depekto sa kapanganakan o pinsala sa mga organ, depende sa tagal ng pagkakalantad at ang dami at uri ng nakakalason na nagpaparumi sa hangin.


Mga Epekto sa Kalusugan mula sa Polusyon sa Hangin



Pinagkunan IDEM: Mga Lason sa Hangin: Mga Panganib sa Kalusugan at Mga Epekto sa Kapaligiran (in.gov)

Ang SDAPCD ay responsable sa pagpapatupad ng Programang “Mga Hot Spot” ng Mga Nakakalason sa Hangin sa San Diego County sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga pinagmumulan na maaaring gumawa ng nadagdagang mga panganib sa kalusugan at mangangailangan ng pag-aabiso sa publiko at mga kinakailangan sa pagbawas ng panganib ayon sa Panuntunan 1210 ng SDAPCD.

Para tingnan ang mga pinagmumulan sa iyong komunidad na sinusuri sa ilalim nitong Programa o sumasailalim sa pag-aabiso sa publiko o kinakailangan sa pagbawas ng panganib, mangyaring mag-click dito.



Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Pangkalahatang**Impormasyon:**

10124 Old Grove Road

San Diego, CA 92131

(858) 586-2600

airinfo@sdapcd.org

Mga Pagtatanong ng Media:

Melina Meza

Melina.Meza1@sdapcd.org

I-follow Kami:



Paano Ka Makakatulong na Mapaganda ang Kalidad ng Hangin?



Sa Bahay:

- ♦ Magtipid ng kuryente gamit ang mga appliance na matipid sa kuryente na may label na ENERGY STAR
- ♦ I-set ang mga air conditioner nang hindi bababa sa 78 degrees.
- ♦ Gumamit ng mga pintura at produktong panlinis na ligtas sa kapaligiran.
- ♦ Gumawa ng mulch o compost ng mga dahon at kalat sa bakuran.
- ♦ Bawasan o alisin ang fireplace at paggamit ng kalan na gumagamit ng kahoy.
- ♦ Iwasan ang pagsusunog ng mga dahon, basura, at iba pang materyal.
- ♦ Iwasan ang paggamit ng kagamitan sa bakuran at hardin na gumagamit ng gasolina.

Sa Labas

- ♦ Mag-carpool, gumamit ng pampublikong transportasyon, bisikleta o maglakad kapag maaari.
- ♦ Tiyaking may sapat na hangin ang iyong mga gulong.
- ♦ Huwag magkarga nang sobra sa gasolinahan at palaging sarhan nang
- ♦ mahigpit ang takip ng iyong gasolina. Pag-isahin ang mga biyahe at dapat gawin para magmaneho nang mas bihira.

